

Basahin ang bawat pangungusap. Isulat ang K kung ito ay katotohanan at O kung ito ay opinyon sa patlang bago ang numero.

- ___ 1. Ang tubig ay kumukulo sa 100°C.
- ___ 2. Mas masarap ang malamig na kape kaysa mainit.
- ___ 3. Ang asul ang pinakamagandang kulay para sa isang bahay.
- ___ 4. Ang Pilipinas ay isang bansang matatagpuan sa Timog-Silangang Asya.
- ___ 5. Ang tag-ulan ay mas mahirap kaysa sa tag-init.
- ___ 6. Mas madaling mag-aral sa tahimik na lugar.
- ___ 7. Ang pagbabasa ng libro ay mas kapaki-pakinabang kaysa panonood ng TV.
- ___ 8. Ang isang oras ay may 60 minuto.
- ___ 9. Ang mga halaman ay nangangailangan ng sikat ng araw upang mabuhay.
- ___ 10. Ang mga pusa ay may mas matalas na pandinig kaysa sa tao.
- ___ 11. May pitong kontinente sa mundo.
- ___ 12. Ang oxygen ay isang mahalagang elemento para sa paghinga.
- ___ 13. Ang math ang pinakamahirap na asignatura sa paaralan.
- ___ 14. Ang buwan ay umiikot sa paligid ng mundo.
- ___ 15. Ang paglalakbay ay ang pinakamahusay na paraan upang matuto tungkol sa buhay.
- ___ 16. Ang musika ay nakakatulong sa pagpapahinga ng isip.
- ___ 17. Ang pizza ang pinakamahusay na pagkain sa lahat ng oras.
- ___ 18. Ang panonood ng pelikula ay mas masaya kaysa sa pagbabasa ng libro.
- ___ 19. Ang elepante ay ang pinakamalaking hayop sa lupa.
- ___ 20. Ang pagsasayaw ay isang mahusay na paraan upang mag-ehersisyo.